#### SEKSYON 504 ANG MGA PANANGGALANG NA PAMAMARAAN PARA SA MAGULANG/ TAGAPAG-ALAGA AY KINABIBILANGAN NG:

- nakasulat na abiso ng anumang mga desisyon tungkol sa pagkakakilanlan, ebalwasyon, at/o akomodasyon sa mga estudyante;
- -- impormasyong kailangan upang mag-apela sa anumang naturang mga desisyon; at
- -- pagsusuri sa mga nauugnay na rekord.

#### SEKSYON 504 PROSESO SA PAGREKLAMO

Ang nakasulat na Seksyon 504 na mga reklamo na nagsasangkot sa sumusunod ay maaaring dalhin sa administrador ng site ng paaralan:

- -- hindi pagkakasundo sa mga desisyon o aksyong ginawa o hindi ginawa patungkol sa ebalwasyon o plano ng Seksyon 504 ng estudyante
- diskriminasyon/panliligalig na nakabatay sa aktwal o napagtantong kapansanan ng estudyante

Mangyaring tandan na ang reklamo sa diskriminasyon/panliligalig ay dapat ihain sa loob ng anim (6) na buwan mula sa petsa kung kailan nangyari ang (mga) huling insidente o mula sa petsa na unang nakakuha ng kaalaman ang nagrereklamo sa mga katotohanan ng di-umanoy diskriminasyon.

Hinihikayat ang mga paglutas o resolusyon sa lokal na site ng paaralan. Subalit, kung hindi malulutas ang reklamo, maaaring magsampa ng nakasulat na reklamo sa Itinalaga ng Education Service Center Section 504.

#### SAAN AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON O TULONG?

Sa site ng iyong paaralan/o Education Service Center, ask to speak to the Section 504 Designee.

Sa mga sentral na opisina ng Distrito, tumawag o sumulat sa:

District Section 504 Coordinator 333 South Beaudry Ave., 18th Floor Los Angeles, California 90017

Telepono: (213) 241-7682 Fax No: (213) 241-3312

Email: equitycompliance@lausd.net

Website: http://achieve.lausd.net/eeco

Inilathala ng: Educational Equity Compliance Office Los Angeles Unified School District

> Hunyo 2022 (TAGALOG)

# Educational Equity Compliance Office



# SECTION 504 at Mga Estudyanteng May Kapansanan

#### Section 504

"Walang sinumang kuwalipikadong indibidwal na may kapansanan...ay, dahil lamang sa kanyang kapansanan, hindi isasama sa paglahok sa, pagkakaitan ng mga benepisyo ng, o sasailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng Pederal na tulong pinansyal:

#### SECTION 504 NG REHABILITATION ACT OF 1973 AY ISANG BATAS PEDERAL PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL NA:

- nagbabawal sa diskriminasyon/panliligalig laban sa mga indibidwal na may kapansanan sa pagiisip o pisikal sa mga programa o aktibidad na tumatanggap ng Pederal na tulong pinansyal mula sa Department of Education ng U.S.
- nag-aatas na ang mga estudyanteng may kapansanan ay bibigyan ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon.

### ANO ANG DISKRIMINASYON/ PANLILIGALIG NA NAKABATAY SA KAPANSANAN?

Ang diskriminasyon/panliligalig na nakabatay sa kapansanan ay intimidasyon o mapangabusong pag-uugali sa isang estudyante batay sa kapansanan na humahadlang o tumatanggi sa pagsali ng estudyante sa o pagtanggap ng mga benepisyo, serbisyo, o oportunidad sa mga programa at aktibidad ng Distrito.

### PAANO NALALAPAT ANG SEKSYON 504 SA MGA ESTUDYANTENG MAY MGA KAPANSANAN?

Sa ilalim ng Seksyon 504, maaaring bumuo ng isang plano upang tulungan ang mga estudyanteng may mga kapansanan <u>na hindi</u> kuwalipikado para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ngunit maaaring mangailangan ng mga akomodasyon na maaaring ibigay sa kanila sa loob ng programa ng pangkalahatang edukasyon.

# PAANO BINIBIGYANG KAHULUGAN NG SEKSYON 504 ANG "KAPANSANAN?"

Ang isang estudyante ay itinuturing na may kapansanan kung siya ay may pisikal o pangkaisipang kahinaan na labis na naglilimita sa isa o higit pang mga pangunahing aktibidad sa buhay.

# ANO ANG "LABIS NA LIMITASYON?"

Ang isang estudyante ay itinuturing na may labis na limitasyon kapag ang estudyante ay "hindi nakakagawa ng pangunahing aktibidad sa buhay na naisasagawa ng karaniwang estudyante sa pangkalahatang populasyon." Ang kahinaan ay dapat medyo kakaiba kung ihahambing sa karaniwang estudyante na humigit-kumulang nasa parehong edad.

# ANO ANG "MGA PANGUNAHING AKTIBIDAD SA BUHAY?"

Ang mga pangunahing aktibidad sa buhay ay maaaring kabibilangan, pero hindi limitado sa, mga tungkulin katulad ng pag-aalaga sa sarili, pagsasagawa ng mga manu-manong gawain, paglalakad, pagtingin, pakikinig, pagsasalita, paghinga, pagtuto, pagtatrabaho, pagkain, pagtulog, pagtayo, pagbubuhat, pagyuko, pagbabasa, pagtuon ng pansin, pag-iisip, at pakikipag-usap.

## PAANO SINUSURI ANG ESTUDYANTE SA ILALIM NG SEKSYON 504?

Ang isang pangkat ng paaralan ay magsasagawa ng isang pagsusuri sa Seksyon 504 para sa estudyante na, dahil sa isang kapansanan, ay maaaring mangailangan ng mga akomodasyon sa programa ng pangkalahatang edukasyon. Ang pangkat ay:

- (1) magkakaroon ng kaalaman tungkol sa estudyante;
- (2) susuri sa katangian ng kapansanan ng estudyante at ang epekto ng kapansanan sa edukasyon ng estudyante;
- (3) magsasaalang-alang sa lahat ng makukuhang nauugnay na impormasyon tungkol sa estudyante na nakuha mula sa iba't ibang mga mapagkukunan; at
- (4) bubuo ng Plano ng Seksyon 504 kung matutugunan ng estudyante ang mga kriterya at kinakailangan ang mga akomodasyon.

# ANG ILANG HALIMBAWA NG TULONG NA MAAARING IBIGAY SA PLANO NG SEKSYON 504 AY:

- Pagbabago sa paraan ng pagbibigay ng mga pagsusulit
- Pagpapaupo ng estudyante sa harap ng klase
- Pagbuo ng plano ng suporta sa pag-uugali
- Paggamit ng karagdagang mga tulong sa pagaaral